Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
Region III – Central Luzon
**SCHOOLS DIVISION OF SAN JOSE DEL MONTE CITY**
San Ignacio St., Poblacion, City of San Jose del Monte 3023

DO CSJDM
RELEASED
SEP 2 7 2018
By:
Records Unit

Setyembre 3, 2018

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
Blg. 155, s. 2018

SA: Ka-tagapamanihala ng mga Paaralan
Pansangay na Punong Tagapagpaganap
Mga Tagamasid Pansangay
Mga Tagamasid Pampurok
Mga Puno ng Paaralang Sekundarya at Elementarya
Lahat ng Kinauukulan

## PANSANGAY NA TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO 2018

1. Kaakibat ng pagtalima sa itinakdang paligsahang panrehiyon (RFOT) sa buwan ng Nobyembre at sa pambansang paligsahan (NFOT), ang DepEd Sangay ng San Jose del Monte ay magdaraos ng Pansangay na Tagisan ng Talento sa Filipino 2018 na gaganapin sa Oktubre 30, 2018 sa ganap na ika-8:00 ng umaga hanggang ika-5:00 ng hapon sa Pambansang Mataas na Paaralan ng Kaypian.

2. Layunin ng nasabing patimpalak ang mga sumusunod:
   a. Maipamalas at malinang ang katangi-tanging talento ng mga mag-aaral sa larangan ng pagbigkas, pagsulat, ispeling at interpretatibong pagbasa.
   b. Maiangat ang antas ng pagkilala at pagpapahalaga sa kulturang Pilipino bilang tampok na piyesa ng tagisan at bahagi ng aralin sa asignaturang Filipino.
   c. Maisulong ang pagpapabuti sa kalidad ng Wikang Filipino bilang pangunahing tulay ng komunikasyon.

3. Itatampok sa paligsahan ang angking talento ng mga kalahok mula sa lebel ng elementarya at sekundarya sa bawat kategorya. Narito ang mga kategorya at ang tiyak na bilang ng kalahok.

**Elementarya:**

| Antas | Kategorya | Kalahok |
|---|---|---|
| A. | Sulat Bigkas ng Tula (SULKASTULA) | Isang (1) kalahok mula sa Baitang 6 |
| B. | Madulang Pagkukuwento | Isang (1) pangkat ng kalahok mula sa bawat Baitang 4,5,6 at isang (1) Graded SPED (visually impaired) na may gulang na 15 pababa sa taon ng paligsahan. |
| C. | Iispel Mo! | Isang(1) kalahok mula sa Baitang 6 |

**Sekundarya:**

| Antas | Kategorya | Kalahok |
|---|---|---|
| A. | Dagliang Talumpati | Isang (1) kalahok mula sa Baitang 11 o Baitang 12 |
| B. | Interpretatibong Pagbasa | Isang (1) pangkat ng kalahok mula sa bawat Baitang 7 hanggang 10 na bubuuin ng 4 na kalahok. |

4. Iminumungkahi sa mga tagamasid pampurok ang pagsasagawa ng paligsahang pandistrito sa elementarya mula 1 hanggang 10 sa pakikipagtulungan ng mga punong guro. Ang petsa at lugar ng pagdarausan ay nasa kapasyahan ng mga tagamasid pampurok.

5. Ang mga nagwaging kalahok sa pandistritong lebel ay ang makikipagtunggali sa pansangay na paligsahan sa elementarya sa 3 kategorya gayundin naman inaasahan ang pagpapadala ng mga paaralan sa sekundarya ng mga kalahok sa 2 kategoryang paglalabanan.

6. Ang mga lalahok sa pansangay na tagisan ay walang anumang babayaran. Ang pamasahe at anumang gastusin ng mga kalahok ay manggagaling sa pondong lokal ng paaralan.

7. Nasa Kalakip Blg. 1 ang tuntunin, pamantayan ng paligsahan at ang komite sa gawain.

8. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**GERMELINA H. PASCUAL, CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

website: www.depedcsjdm.weebly.com ● e-mail: sanjosedelmonte.city@deped.gov.ph ● telefax: (044) 815-2815

Kalakip 1 ng Memorandum pansangay blg. 155 s. 2018

## Tuntunin at Pamantayan ng Paligsahan

**Kategorya** SULAT BIGKAS NG TULA (SULKAS TULA)
**Oras na inilaan** Isang (1) oras para sa pagsulat, 30 minutong paghahanda at limang (5) minuto na pagtatanghal

**Batayan ng kapasyahan sa Pagsulat** - 50%

| Pamantayan | Bahagdan |
|---|---|
| **Interpretasyon ng Tula** | |
| Kaugnayan sa paksa | 25% |
| Organisayon ng diwa | 15% |
| Mekaniks (apat (4) na saknong na binubuo ng apat (4) na taludtod na may tugma) | 10% |

**Batayan ng Kapasyahan sa Pagbasa** - 50%

| Pamantayan | Bahagdan |
|---|---|
| **Hikayat** | |
| Dating sa madla | 5% |
| Kilos/galaw/kumpas | 10% |
| Ekspresyon ng mukha | 10% |
| **Tinig at Bigkas** | |
| Lakas/diin/taginting | 10% |
| Matatas at maliwanag | 10% |
| Wastong pagbubukod ng salita | 5% |
| **Kabuuan** | **100%** |

### A. Patnubay sa Kalahok

1. Ang tulang isusulat ay naaayon sa paksa ng tema na ibibigay ng hurado sa araw ng patimpalak; apat na saknong na binubuo ng apat na taludtod na may tugma.
2. Ang opisyal na gagamiting papel ay magmumula sa tagapag-organisa;
3. Ang mga kalahok ay bibigyan ng isang oras na pagsusulat at tatlumpong minutong pag-eensayo;
4. Ang lahat ng papel ay lilikumin ng tagapagdaloy at sisimulan na ang paligsahan;
5. Ang lahat ng kalahok ay bibigyan ng limang (5) minuto sa pagbigkas ng tula kasama ang pagpasok at paglabas mula sa entablado gamit ang tulang sinulat na ibibigay muli ng tagapagdaloy; at
6. Ang kalahok ay magsusuot ng kasuotang Pilipino.

### B. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan

1. Paksang gagamitin
2. Papel, bolpen, lapis at pambura
3. Orasan,numero ng mga kalahok
4. Isang (1) silid na holding area para sa 17 katao at isang (1) silid tanghalan para sa higit kumulang na 100 katao.

## Tuntunin at Pamantayan ng Paligsahan

**Kategorya** MADULANG PAGKUKUWENTO
**Oras na inilaan** Dalawampung (20) minuto kasama ang paghahanda
**Batayan ng kapasyahan**

| Pamantayan | Bahagdan |
|---|---|
| **Interpretasyon** | **40%** |
| Pagpapalutang ng diwa | 20% |
| Pagbibigay diin sa damdamin | 20% |
| **Hikayat** | **20%** |
| Dating sa madla | 5% |
| Pagbibigay buhay sa tauhan | 5% |
| Tindig | 5% |
| Kumpas/kilos | 5% |
| **Bigkas** | **20%** |
| Matatas at maliwanag | 10% |
| May pagbubukod-bukod ng mga salita | 5% |
| May wastong diin at intonasyon | 5% |
| **Tinig** | **10%** |
| Lakas | 5% |
| Taginting | 5% |
| **Kaangkupan ng diwa at damdamin** | **10%** |
| **Kabuuan** | **100%** |

**A. Patnubay sa kalahok**

1. Isang kuwento ang bibigyan ng interpretasyon batay sa ibibigay ng mga hurado sa takdang araw ng paligsahan;
2. Bibigyan ng sampung (10) minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang kuwentong bibigyan ng interpretasyon;
3. Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng kuwento;
4. Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang kuwento na tatagal din ng sampung (10) minuto, susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok;
5. Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang kuwento;
6. Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung (10) minuto kasama ang pagpasok at paglabas;
7. Walang anumang props o kagamitan, musika at instrumento na dadalhin at gagamitin; at
8. Iikot ang interpretasyon sa kuwento lamang.

**B. Kagamitan mula sa tagapag-organisa ng paligsahan**

1. Kopya ng kuwentong gagamitin; isang (1) hard copy at isang (1) naka-transcribe sa braile;
2. Orasan, numero ng mga kalahok;
3. Dalawang (2 ) silid na holding area; isang (1) silid para sa pagsasanay at isang (1) silid tanghalan.

## Tuntunin at Pamantayan ng Paligsahan

Kategorya: **INTERPRETATIBONG PAGBASA**
Pagbibigay ng interpretasyon sa wastong pagbasa ng Talumpati, Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang pagbasa ng tula).

Oras na Inilaan: **Dalawampung (20) minuto kasama ang paghahanda at pagtatanghal**

### A. Batayan ng Kapasayahan

| **Pamantayan** | **Bahagdan** |
|---|---|
| **Interpretasyon** | **40%** |
| Pagpapalutang ng diwa | 20% |
| Pagbibigay diin sa damdamin | 20% |
| **Hikayat** | **20%** |
| Dating sa madla | 5% |
| Pagbibigay buhay sa tauhan | 5% |
| Tindig | 5% |
| Kumpas /Kilos | 5% |
| **Bigkas** | **20%** |
| Matatas, maliwanag | 10% |
| May pagbubukod-bukod ng mga salita | 5% |
| May wastong diin at intonasyon | 5% |
| **Tinig** | **10%** |
| Lakas | 5% |
| Taginting | 5% |
| **Kaangkupan ng diwa at damdamin** | **10%** |
| **Kabuuan** | **100%** |

### B. Patnubay sa Kalahok

1. Ang piyesa na manggagaling sa tagapag-organisa ay ibibigay sa takdang araw ng paligsahan.
2. Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay-interpretasyon.
3. Bibigyan ng 10 minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon.
4. Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng binasang piyesa;
5. Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aralan naman ng susunod na kalahok ang piyesa na tatagal din ng sampung (10) minuto, susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok;
6. Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi maririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok, samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin.
7. Dapat angkop ang interpretasyon sa genreng nakasulat sa piyesa.
8. Ang kasuotan ay pantalong maong at puting t-shirt.
9. Ang pagtatanghal ay hindi lalagpas sa sampung (10) minuto kasama ang pagpasok at paglabas;
10. Walang anumang props o kagamitan, musika at instrumento na dadalhin at gagamitin;
11. Iikot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang adlib.

## Tuntunin at Pamantayan ng Paligsahan

Kategorya: **DAGLIANG TALUMPATI**
Oras na Inilaan Isa (1)

**A. Batayan ng Kapasyahan**

| Pamantayan | Bahagdan |
|---|---|
| **Interpretasyon** | **35%** |
| Kaugnayan sa paksa | 20% |
| Pagbibigay diin sa damdamin | 15% |
| **Hikayat** | **25%** |
| Kilos, galaw, kumpas | 10% |
| Dating sa Madla | 5% |
| Kakanyahang pantanghalan | 5% |
| Ekspresyon ng mukha | 5% |
| **Tinig** | **20%** |
| Kaangkupan ng diwa at damdamin | 10% |
| Taginting | 5% |
| Lakas | 5% |
| **Bigkas** | **20%** |
| Matatas at maliwanag | 10% |
| Wastong pagbubukod- bukod ng salita | 5% |
| Diin/Indayog | 5% |
| **Kabuuan** | **100%** |

**B. Patnubay sa Kalahok**

1. Ang paksa na manggagaling sa tagapag-organisa ay ibibigay sa takdang oras.
2. Siya ay bibigyan lamang ng tatlong (3) minutong paghahanda hinggil sa paksang napili habang nagtatalumpati ang sinusundang kalahok.
3. Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tatlong (3) minutong paghahanda hinggil sa paksa at dalawa (2) hanggang tatlong (3) minuto naman sa pagtatalumpati.
4. May kabawasang puntos sa kabuuang iskor na labis o kulang sa itinakdang oras ng pagtatalumpati.

| | | |
|---|---|---|
| 1 – 30 | segundo | 5 puntos |
| 31 - 60 | segundo | 1 puntos |
| 61 | segundo – pataas | 2 puntos |

5. Itataas ang banderang berde bilang hudyat ng pagsisimula, banderang dilaw bilang hudyat sa nalalabing tatlumpong (30) segundo at banderang pula na tapos na ang itinakdang oras: at
6. Corporate attire ang inaasahang kasuotan.

Republika ng Pilipinas
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
Rehiyon III – Gitnang Luzon
**SANGAY NG PAARALANG LUNGSOD NG SAN JOSE DEL MONTE**
San Ignacio St., Poblacion, Lungsod ng San Jose del Monte 3023

Paligsahan: Pansangay na Tagisan ng Talento sa Filipino 2018
Petsa: Oktubre 30, 2018
Lugar: Kakawate National High School

## KOMITE SA GAWAIN

| KOMITE | PANGALAN | GAWAIN/KAKAILANGANIN | PAARALAN |
|---|---|---|---|
| Dokyumentasyon | Elizabeth B. Eligio<br>Erlinda C. Roxas<br>Shiela Gito | Larawan, ulat (naka-bullet) | San Jose del Monte National HS<br>Paradise Farm National HS<br>Sto. Cristo National HS |
| Programa at Paanyaya | Ma. Victoria Comayas<br>Ma. Blesilda Gojo Cruz | Kopya ng programa at paanyaya | Kakawate National HS<br>Muzon Harmony HS |
| Sertipiko | Lea Abulencia<br>Mauren Jane Catalla<br>Herconida Flestado | Bilang ng mga kalahok at tagapagsanay at pamamahala sa pamamahagi | Muzon National HS<br>Kakawate National HS<br>San Martin National HS |
| Tropeyo at Medalya | Marlon A. Fernandez<br>Jonatah Orain<br>Crispino dela Cruz | Pagbibigay ng Liham sa mga kinauukulan bilang mga sponsor at pagsasaayos | Sapang Palay National HS<br>Graceville National HS<br>BBE Central School |
| Tarpaulin | Chrislet Sinday<br>Jona Mae Moreno | Pagpapalimbag sa layout ng tarpaulin at pagpapaskil nito | San Jose del Monte National Trade<br>SJDM Science HS |
| Akomodasyon | Elementarya<br>Noelie Sta Maria<br>Ferlinda Torres<br>Erlyn Briones<br>Marifar Pamahoy<br>Leilanie Sabado<br>Sekundarya<br>Precious Paglinawan<br>Flodeliza Bigol<br>Salvacion Dimla<br>Rowelyn Garada<br>Francis Dolot | Pamamahala sa disiplina at katahimikan ng program/paligsahan | BBF ES<br>Minuyan ES<br>BBI ES<br>BBB ES<br>SJDM Heights ES<br><br>Maramgal National HS<br>SJDM Heights HS<br>Citrus National HS<br>Towerville National HS<br>San Manuel HS |

Tagapagdaloy ng Paligsahan sa Elementarya

- Ispeling Master — Marlon Fernandez
- Mga tagapamagitan — Chrislet Sinday, Lea Abulencia, Erlinda Roxas, Elizabeth Eligio
- Tagapagtala ng oras — Ma. Victoria Comayas
- Tagahudyat — Shiela Gito, Herconida Flestado, Precious Paglinawan

Tagapagdaloy ng Paligsahan sa Sekundarya

- Mga tagapamagitan — Elma Corona, Mylene Sunga, Michelle Escobido
- Tagapagtala ng oras — Reynalda Paradeza
- Tagahudyat — Mariefe Baltazar,Leonora Edralin, Nazrene Burce